



Ang Aming Commitment sa Pagkakapantay-pantay

Pahayag sa Pagkakapantay-pantay

Nag-ugat sa pakikibaka ng mga magsasaka ng kape sa Nicaragua noong dekada 80, naitatag ang Fair Trade USA™ sa panahon at lugar ng kaguluhan ng lipunan – at bilang tugon sa mga kawalang-katarungan na nanatili sa espasyong iyon. Mula noon, nakasentro na ang aming modelo sa pagtugon sa mga isyu ng katarungan, pagkakapantay-pantay, pagkakaiba-iba, at kawalan ng pinipili, gamit ang mga pamamaraan na gumagawa ng pagkakataon sa merkado para sa mas malawak na hanay ng mga stakeholder at makapaghatid ng mga mas pantay na benepisyo.

Ang pagkakapantay-pantay at epekto ay hindi lang isang paraan para sa amin para makamit ang aming layunin— ang mga ito ang aming pangunahing layunin, ang mga mithiin namin. Ang pagsasama-sama (inclusion) ay ang pinili naming landas para maabot ang layuning iyon. Alam namin na para mapalawak ang mga benepisyo ng modelo ng patas na kalakalan at mapaabot sa mas maraming tao at komunidad sa buong mundo, kailangan naming makaabot sa mas mapalawak na audience. Habang namumuhunan kami sa pagpapaigting ng pagsasama-sama, hinihimok namin ang paglago at, mas mahalaga pa, ang kapangyarihan at ahensya ng lahat bilang pangunahing bahagi ng aming misyon. Para maisakatuparan ang layuning iyon, alam namin na dapat naming isentro ang mga prinsipyo ng JEDI sa loob ng aming sariling organisasyon. Kailangan naming gumawa ng plataporma para sa iba't ibang boses at karanasan para matiyak na naaayon sa aming modelo at misyon ang kagawian namin.

Kabilang sa aming estado sa hinaharap ang mas maraming pakikipagtulungan, pagsasama-sama ng iba't ibang stakeholder, at pagkilala ng mga mamimili sa napakaraming benepisyong maidudulot ng higit pang pagkakapantay-pantay. Sa pagpapatuloy ng aming pinagmulan, patuloy pa naming pinahuhusay ang aming mga panloob na istraktura para mapalakas ang mga boses ng mga kulang sa pagkatawan at binabalewalang kasamahan at partner at matiyak ang kanilang papel bilang mga may mahahalagang ginagampanan sa landas patungo sa pagkakapantay-pantay. Sa pamamagitan ng paggawa, pagpapanatili, at pag-optimize ng mga sistema para matiyak na ang mga magsasaka,

manggagawa, at mangingisda na hinahangad naming paglingkuran ang mga kasama namin sa pagtatakda ng mga estratehiya, binubuksan namin ang aming kakayahang maabot ang mas maraming komunidad sa pamamagitan ng mas malakas na epekto. Sa pamamagitan ng pagtuon sa pagpapalawak ng mga demograpiko ng aming audience na mamimili, nag-enroll kami ng mga bagong changemaker sa aming modelo at naghahangad na pantay na palawakin ang pagkakataong gumawa ng pagbabago sa pamamagitan ng kahit simpleng pagbili man lang.

Bilang nangungunang third-party certifier ng mga produkto ng patas na kalakalan sa North America, nakikita namin ang pagkakataong gamitin ang aming posisyon para makaapekto sa mas malaking pagbabago sa antas ng industriya. Habang patuloy kaming nag-e-enroll ng mas maraming partner sa industriya, sasamantalain namin ang pagkakataong ipakita ang mga tunay na benepisyo ng pamumuhunan sa pagkakapantay-pantay sa mga sektor kung saan kami nag-o-operate. Habang lumalago kami, ipapakita namin ang pagiging epektibo ng inclusive pagsulong at pangangasiwa. Malinaw ang business case para sa mga prinsipyong lubos naming pinahahalagahan, at patuloy naming gagamitin iyon para mag-imbata ng magkakaibang hanay ng mga partner sa industriya para samahan kami sa aming pagsisikap na baguhin ang paraan ng pag-iisip ng mga kumpanya tungkol sa global sourcing at mga responsableng supply chain.

Hindi nagbabago ang mga prinsipyong gumagabay sa aming gawain, pero nag-iiba ang mga paraan kung paano nabubuo ang mga prinsipyong iyon. Walang ganap na katotohanan – walang iisang paraan o solusyon – para makamit ang may pagkakapantay-pantay na mundo. Nananatili kaming committed sa patuloy na pag-aaral at pag-unlad, pag-eeksperimento at pag-aangkop, at pagsubok sa maraming teorya ng pagbabago sa abot ng aming makakaya para mapagtibay ang mga prinsipyong batayan ng aming pagkakatatag – katarungan, pagkakapantay-pantay, pagkakaiba-iba, pagsasama-sama, at higit sa lahat pagiging patas – sa kalakaran sa pagsasagawa ng kalakalan sa mundo.

Mga Naglalarawang Kagawian

- Pagsusulong ng imprastruktura kung saan ang mga producer at manggagawa ay gumagamit ng kalayaan at mas pinapalakas ang mga boses nila sa kanilang lugar ng trabaho, komunidad, industriya, at sa loob ng aming organisasyon.
- Paglalakip ng pagsasama-sama ng iba't ibang boses at pagsesentro sa kanilang mga pananaw sa aming pang-istratehiya at taunang pagpapalano at vision para sa Pagpapagiting ng Epekto ng Patas na Kalakalan.
- Paglalakip ng mga prinsipyo ng katarungan, pagkakapantay-pantay, pagkakaiba-iba at pagsasama-sama sa aming mga pangunahing pamantayan ng organisasyon, estratehikong pagpapalano, at mga taunang layunin.

- Pagsasagawa ng pagtatasa ng pagkakapantay-pantay ng aming organisasyon at paggawa ng mga naaangkop na hakbang para mas mahusay na makamit ang aming layunin na kultura ng pagkakapantay-pantay at pagsasama-sama na nakabatay sa mga pamantayan at pinapagana ng performance.
- Pagsasaalang-alang sa mga tanong ng pagkakaiba-iba, pagkakapantay-pantay, at pagsasama-sama at katarungan kapag bumubuo at nagpapatupad kami ng mga panloob na programa at kagawian para isulong ang pantay na lugar at kultura sa trabaho.
- Paglulunsad ng multi-year cultural competency professional development program, na available sa lahat ng kawani sa buong mundo, kabilang ang mga quarterly na programa na pinamumunuan ng facilitator tungkol sa Hindi Sinasadyang Pagtatangi (Unconscious Bias), Paglaban sa Rasismo (Anti-Racism), Pagiging Bahagi ng Grupo (Belonging), Pagiging Kabalikat (Allyship) at iba pang pangunahing salik na kritikal sa pagtataguyod ng inclusive, progresibo, at pantay-pantay na lugar ng trabaho.
- Pagkolekta ng data tungkol sa pagkakaiba-iba ng aming workforce sa lahat ng antas at pagsunod sa mga hakbang para labanan ang papel na ginagampanan ng mga hindi lantaran at istruktural nambias sa aming pagkuha, pagpapasulong, pagpapalano ng ilalagay sa posisyon, pag-promote, at pagpapanatili ng talent.
- Pagkamit ng mga materyal na pakinabang sa pag-hire at pag-promote ng mga grupo na karaniwan nang may kakulangan sa pagkatawan / binabalewala, lalo na dahil sa lahi, etniko, at pangkasariang pagkakakilanlan at pagkamit ng mga resultang 49% katrabahong BIPOC sa 2022.
- Pagkamit ng 50:50 na pagkakapantay-pantay sa kasarian sa Team ng Pamunuan; pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay sa kasarian sa aming buong organisasyon para umayon sa aming pagtuon sa pagbibigay-kapangyarihan sa mga kababaihan at pagkakapantay-pantay sa kasarian sa buong mundo.
- Pagsusumikap na bumuo ng diverse board sa pamamagitan ng paghahanap ng mga potensyal para sa posisyon sa labas ng mga nakagawian at nakasanayan nang network.
- Pagsusumikap na isulong ang mga patas na kagawian at Supplier Diversity sa aming mga ugnayan bilang vendor para umayon sa aming mga prinsipyo ng JEDI.

Huling Na-update: Nobyembre 17, 2022

Tungkol sa Fair Trade USA

Ang Fair Trade USA, isang tax-exempt 501(c)(3) nonprofit organization, ay ang nangungunang certifier ng mga produkto ng patas na kalakalan sa North America. Nag-aalok ng pinarangalan, mahihigpit, at kinikilala sa buong mundo na sustainable sourcing certification program na nagpapabuti sa kabuhatan, nagpoprotekta sa kapaligiran, at nagtatayo ng matatatag at transparent na supply chain, ang pinagkakatiwalaang Fair Trade Certified™ seal nito sa isang produkto ay nangangahulugang ginawa ito ayon sa mga istriktong pamantayan sa patas na kalakalan. Bumubuo ang Fair Trade USA ng makabagong modelo ng responsableng negosyo, palaisip sa positibong pagkonsumo, at pamantayan ng lahat para maalis ang kahirapan at paganahin ang sustainable development para sa mga magsasaka, manggagawa, kani-kanilang pamilya, at komunidad sa buong mundo.